



Received: 19-11-2023  
Accepted: 29-12-2023

ISSN: 2583-049X

## **Pictionary Drills: Bisa at Hamon Sa Paglinang Ng Bokabularyo Sa Filipino Bilang L2**

<sup>1</sup> Baril Marcel E, <sup>2</sup> Becher Mary Jane R, <sup>3</sup> Elmido Rodiza Anne P  
<sup>1,2,3</sup> GS Filipino Faculty, Sacred Heart School-Ateneo de Cebu, Philippines

Corresponding Author: **Baril Marcel E**

### **Abstract**

This study aimed to determine the effectiveness of pictionary drills in vocabulary building for Filipino as a second language. Specifically, it aimed to investigate 1) the students' level of performance before and after the intervention, 2) whether or not there is a significant difference in the students' performance before and after intervention, 4) highlights and lowlights in the implementation of pictionary drills. Quantitative data were gathered through a one group pretest-posttest pre-experimental design, and qualitative data were gathered through focused group discussion from 30 students in Filipino Learning Support Program through convenient sampling, and teachers' anecdotal records. The Paired T-test

results revealed that pictionary drills have increased students' vocabulary from (M=32.8) Did Not Meet Expectations to (M=47.2) Very Satisfactory level with a significant pair difference and mean gain (t-value ay 9.494, p-value <0.001). Pictionary drills highlights include fostering creativity, improving communication skills, building vocabulary, and providing instructional opportunities, while lowlights include issues with time allocation, fun over focus, and competition resulting to peer pressure. Based on the findings, it is concluded that the utilization of the pictionary drills is effective in building vocabulary in Filipino as a second language of LSP students.

**Keywords:** Vocabulary, Pictionary Drills, Filipino as L2, Filipino Learning Support Program

### **Introduksyon**

Isa sa pinakamalaking hamon ng pagtuturo at pagkatuto ng Filipino sa Sacred Heart School-Ateneo de Cebu ay ang kakulangan, kung hindi man kawalan, sa paglinang ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Sa Grade School department, Hindi bababa sa 5 porsyento ng mga mag-aaral ang dayuhan at walang sapat na kasanayan sa wikang Filipino para sa kanilang baitang o antas na kinabibilangan. Ang mga mag-aaral na ito ay sumasailalim sa Learning Support Program o LSP sa asignaturang Filipino.

Ayon kay Liu (2016), ang pagkakaroon ng malawak na bokabularyo ay may napakahalagang papel sa paglinang ng kumprehensyon. Sinang-ayunan naman ito nina Neuman at Dwyer (2009) <sup>[12]</sup> dahil anila, ginagamit ito sa mabisang pakikipagkomunikasyon sa dalawang kasanayan- una, sa pagpapahayag o *expressive vocabulary*, at ikalawa, sa pagtanggap o *receptive vocabulary* (Neuman at Dwyer, 2009) <sup>[12]</sup> kung kaya't kailangang hindi ito pababayaang.

May dalawang dimensyon ang kaalaman sa bokabularyo, ang lawak o *vocabulary breadth* at ang lalim o *vocabulary depth*. Ang *breadth* ay tumutukoy sa lawak ng salitang alam ng isang mag-aaral partikular sa isang leksikal na antas, samantalang ang *depth* ay tumutukoy sa kung gaano kalalim o kahusay ang kaalaman ng mag-aaral hinggil sa partikular na salita (Schmitt, 2014) <sup>[15]</sup>. Mahalaga ang lawak ng bokabularyo lalo na sa mga mag-aaral ng pangalawang wika dahil susubukin nilang unawain at analisahin ang bawat babasahin kung kaya't ang lawak ng kanilang bokabularyo ay nakaiimpluwensya sa kanilang kumprehensyon (Liu, 2016) <sup>[7]</sup>.

Maraming nang mga pag-aaral ang nakatuon sa korelasyon ng kasanayan sa bokabularyo at pagkatuto ng tiyak na wika bilang L2 o pangalawang wika. Sa pag-aaral ni Nation (2013), ipinagpalagay na kadalasan sa mga mag-aaral ng L2 ay kailangang may 95% hanggang 98% nang kaalaman sa mga salita sa isang partikular na teksto upang magkaroon ng angkop at mabilis na pag-unawa sa kanilang binasa. Napatunayan naman nina Alavi & Akbarian (2012) <sup>[1]</sup> na ang lawak ng bokabularyo ay isa sa may pinakamalaking impak sa pag-unawa sa binasa.

Sa nakalipas na dalawang dekada, naging paksain ng mga pananaliksik ang pagtatasa at pagtataya ng bokabularyo sa pagtuturo at pagkatuto ng pangalawang wika. Ginagamit sa pagtatasa ang VST o Vocabulary Size Test nina Nation at Beglar, Productive Levels Test nina Laufer at Nation, at ang Lexical Frequency Profile nina Laufer at Nation bago sumapit ang ikalawang siglo (as cited in McLean & Kramer, 2015) [8]. Ngunit ang pinakamadala na ginamit ng mga dalubwika ay ang VLT o Vocabulary Levels Test na binuo ni Nation noong 1990 at pinaglinang ni Schmitt noong 2001 kung saan ay tinatasa nito ang lawak ng kaalaman sa mga salita upang umunawa sa nakalimbag na teksto o *written receptive word knowledge*. Layunin ng pagtatasang ito na matukoy ang masteri ng mag-aaral sa pinakamadala na mga salita o *most frequent words* na ginagamit, halimbawa sa pang-akademikong pagkatuto, upang makapagtalaga ng angkop na kagamitang pampagkatuto. Mayroon itong iba't ibang lebel batay sa dalas ng salita o *frequency levels* tulad ng 1,000-word at 2,000-word *frequency levels* mula sa *General Service List* ni West, at 3,000, 5,000 at 10,000 word-frequency bands mula sa listahang binuo nina Thorndike at Lorge, na inuuri sa *high-frequency, medium-frequency*, at ang *low-frequency* na mga salita (Nation, 2013).

1 business	
2 clock	_____ part of a house
3 horse	_____ animal with four legs
4 pencil	_____ something used for writing
5 shoe	
6 wall	

Fig 1: Halimbawa ng VLT format sa wikang Ingles (Nation, 1981; Schmitt, 2001)

Ngunit kahit na ininuturing ng marami na higit na nakatutulong ang VLT pareho sa pareho sa pedagohiya at pananaliksik, marami pa rin itong mga isyu at limitasyon (Webb & Sasao, 2013). Una, masyado nang luma o nilipasan na ng panahon ang pinagbabatayang *word list* at *frequency bands* ng VLT. Ang una at Ikalawang 1,000-word frequency levels ay kinuha mula sa *General Service List* ni West noong 1953 pa, samantalang ang 3,000, 5,000, at 10,000 word-frequency bands ay binatay sa listahan ni Thorndike at Lorge noong 1944 habang ginamit naman ang frequency criteria nina Kucera at Francis noong 1967. Anila, ang mga listahang ito ay nagrerepresenta lamang ng wika kung kalian ito binuo, ngunit ang wika, at ang bokabularyo nito, ay dinamiko at nagbabago. Kasama na sa pagbabagong ito ang pag-usbong ng makabagong kagamitan at ugnayan sa larangan ng komunikasyon.

Ikalawa, ang format ng VLT ay ipinagpalagay na sa item analysis, mangyaring batay sa classical testing theory o item response theory, ay nagpapakita ng item independence. Ibig sabihin nito, ang tugon para sa bawat aytem ay hindi nakabatay sa iba pang mga aytem kung kaya ay masusukat talaga ang kaalaman ng mag-aaral sa bawat salita. Sa format ng VLT (tingnan ang Fig 1) ay nagpapakita ng anim na pagpipilian sa kaliwang hanay, kung saan ay itugma sa tatlong kahulugan sa kanan. Habang sinasagutan ito ng mga ang tatlong aytem ay umiikil ang kanilang mga pagpipilian, kung kaya ay nagiging mas madali ito para sa kanila. Ito ang dahilan kung bakit ang resulta ng VLT ay hindi gaanong nagbibigay ng angkop na representasyon ng aktwal na kaalaman ng isang partisipant o mag-aaral (Kremmel, 2016)

[6], at ito ay dahil mismo sa format nito (Kamimoto, 2014; Culligan, 2015) [5, 3].

Dahil sa mga isyu at limistasyong inilahad, iminungkahi nina McLean at Kramer (2015) [8] ang bagong format ng VLT na tinatawag nilang *New Vocabulary Levels Test* (tingnan ang Fig 2). Ang NVLT may parehong layunin ng VLT ngunit sa halip na *matching type* ay ginawa itong *multiple choice* at dinagdagan ang bilang ng mga aytem, higit sa lahat hinango ang mga salita *British national Corpus* o *BNC* at *Corpus of Contemporary American English* o *COCA word list* ni Nation (2012).

1. time: They have a lot of <b>time</b> .
a. money
b. food
c. hours
d. friends

Fig 2: Halimbawang format ng NVLT sa wikang Ingles (McLean & Kramer, 2015) [8]

Gayunpaman, ang mga instrumento at pagtatasang ito ay nakatuon lamang sa nangungunang wika sa mundo, ang wikang Ingles. Sa wikang Filipino, walang tiyak na sukatan ang pagtatasa sa lawak ng bokabularyo ng mga nag-aaral nito bilang L2 dahil sa dalawang nangungunang salik: walang tiyak na *General Service List* o 'di kaya'y *Academic Word List* na magagamit upang gawing batayan sa pagtatasa, at ikalawa, walang instrumentong susukat sa lawak at lalim ng bokabularyo sa Filipino, kung kaya't hindi makapagtala ng naaangkop na kagamitang pampagkatuto at estratihya sa pagtuturo sa paglinang ng bokabularyo. Ang mga salik na ito ay labis na nagbunsod upang mabuo ang pag-aaral na ito.

Sa pagtuturo ng paksang pangngalan, minabuti ng mga mananaliksik na bumuo ng 120-Pangalan Word List na naglalaman ng mga target salitang pangngalan na yaong pinakamadala o *most-frequent words* na ginamit sa nasabing aralin. Pangunahing estratehiyang ginagamit ng mga guro sa paglinang ng kanilang bokabularyo ng mga dayuhang mag-aaral ang *pictionary drills*. Ang *Pictionary* ay hango sa dalawang salita, *picture* at *dictionary*, na naimbento ni Rob Angel noong 1987 bilang isang paper charades. Ang *pictionary game* ay mahalagang komponent ng wika sapagkat ito ay nagbibigay ng pundasyon kung paano nagsasalita, nakikinig, nagbabasa, at nagsusulat ang mga mag-aaral (Richard at Renandya, 2002).

Sa kasalukuyan, wala pang pormal na pag-aaral ang nailathala tungkol dito. Kung kaya, gamit ang *teacher-made* na PWL at pretest-posttest na hinalaw sa *New Vocabulary Levels Test* nina McLean at Kramer (2015) [8], susubuking alamin ng pag-aaral na ito kabisaan ng *pictionary drills* bilang lapit sa paglinang ng bokabularyo sa mga dayuhang mag-aaral sa Filipino.

**Layunin ng Pag-aaral**

Nilalayan ng pag-aaral na ito na matasa ang kabisaan at mga hamon ng *pictionary drills* sa paglinang ng bokabularyo sa pangngalan.

Sa katiyakan, nilalayan nitong matugunan ang mga sumusunod:

1. Ano ang antas ng performans ng mga mag-aaral sa panimula at panapos na pagtatasa (pretest & posttest)?
2. Makabuluhan ba ang pagkakaiba (significant difference) sa resulta ng panimula at panapos na pagtatasa?

3. Ano-ano ang mga kalakasan at kahinaan ng pangngalan pictionary drills?
4. Gumawa ng modelong banghay sa pagtuturo ng pangngalan gamit ang pictionary.

**Pamamaraan Ng Pag-Aaral**

**Disenyo:**

Ang pag-aaral na ito ay isang *mixed design study*. Gagamitin ang One Group Pretest-Posttest Pre-experimental na disensyo upang aanalisahin at paghahambingin ang kwantitatibong mga datus mula sa pretest bago ang interbensyon at posttest pagkatapos ng interbensyon (Campbell D.T, & Stanley, J.C., 1963) [2] upang masuri ang kabisaan ng *pictionary drills* sa paglinang ng bokabularyo mula sa 120-word list ng mga pangngalan. Samantala, magkakaroon ng Focus Group Discussion, tampok ang parehong grupo ng mga mag-aaral. Layunin ng FGD na makakuha ng malalim na pag-unawa sa isang tiyak na penomenon sa pamamagitan ng kwalitatibong mga datus mula sa mga sadyang pinipili o *purposively selected* na grupo ng partisipant (Nyumba, T.O, et al, 2018) [13]. Ang kanilang mga tugon ay sasailalim sa *coding* upang matukoy ang mga hamon sa implementasyon ng *pictionary drills*. Gagamitin namang pangalawang pinagkukunan ng kwalitatibong datus ang *anecdotal records* ng mga guro sa kabuuang implementasyon ng interbensyon.


**Instrumento:**

Gagamiting instrumento sa pag-aaral na ito ang panimula at panapos na pagtatasa sa bokabularyo (tingnan ang Apendiks A) na binuo ng mga mananaliksik na halaw mula sa New Vocabulary Levels Test format nina McLean at Kramer (2015) upang masuri ang masteri ng mag-aaral sa pinakamadala na mga salita o *most frequent words* na ginagamit sa paksang pangngalan. Ang mga salitang ito ay naayon sa mga kategoryang tao, bagay, hayop, lugar, pangyayari, at ideya mula sa binuong 120-Pangngalan Word List. Upang masukat ang *content validity* nito, isinubok ang nasabing instrumento sa Baitang 1 hanggang Baitang 6. Binago at pinagyaman ito batay sa obserbasyon at input ng mga guro at sa resulta ng pagtatasa sa bawat baitang. Makikita sa Talahanayan A ang bilang ng mga salita sa bawat kategorya ng pangngalan.

**Talahanayan 1:** Bilang ng salita sa PWL sa bawat Kategorya ng Pangngalan

Kategorya	Bilang ng Salita
tao	25
bagay	50
hayop	10
lugar	15
pangyayari	10
ideya	10
Total	120

Mula sa PWL ay papangkatin sa tig-aanim at ihanay sa kaliwa ang mga salita, samantalang tatlo sa bawat hanay ang may angkop na kahulugan sa kanan. Itutugma ng mag-aaral ang salita sa angkop na kahulugan nito. Ang pagpili ng mga salitang binigyan ng kahulugan ay ayon sa *random sampling* na paraan gamit ang mga salitang nasa “even number” sa PWL. Makikita sa Fig 1 ang halimbawang aytem sa pagtatasa ng bokabularyo na hinalaw mula sa Vocabulary Levels Test format.



**Fig 3:** Halimbawang Aytem ng Panimula at Panapos na Pagtatasa

Upang matukoy ang antas ng performans ng mga mag-aaral, gagamiting batayan ang DepEd Order No. 8, s. 2015 sa sa pagtukoy ng antas ng performans Makikita sa Talahanayan B ang alokasyon ng porsyento sa pagtataya sa bawat antas ng performans.

**Talahanayan 2:** DepEd Order No. 8, s. 2015 Antas ng Performans

Grade	Description
90-100	Outstanding
85-89	Very Satisfactory
80-84	Satisfactory
75-79	Fairly Satisfactory
Below 75	Did Not Meet Expectations

Samantala, sa pagkalap ng kwalitatibong mga datus ay gagamitin ang talatanungan para sa Focus Group Discussion (tingnan ang Apendiks D) at ang Anecdotal Record Sheet (tingnan ang Apendiks E) kung saan ang mga tanong ay nakatuon sa mga kalakasan at kahinaan ng *pictionary drills*.

**Mga Kalahok:**

Gamit ang *purposive sampling*, target na partisipant ng pag-aaral na ito ang 30 dayuhang mag-aaral na kasalukuyang sumasailalim sa Filipino Learning Support Program o LSP ng Sacred heart School-Ateneo de Cebu- Grade School Department. Kadalasan sa kanila ay [may dugong] Koreano, Tsino, Hapon, at Pilipino-Amerikano at walang sapat na kaalaman at kasanayan sa wikang Filipino.

**Mga Hakbang:**

**Bago ang Implementasyon**

Ang pagbuo ng 120-Pangngalan Word List (tingnan ang Apendiks B) ay dumaan sa mabusising proseso sa pamamagitan ng *vertical articulation* ng mga guro sa Filipino 1 hanggang 6. Ginawang batayan sa pagpili ng mga salita ang dalas ng paggamit o *frequency* ng mga salitang ito sa mga babasahin at kagamitang pampagtuturo, at ang minimum na kahingian ng batayang kurikulum sa pagtuturo ng pangngalan, halimbawa tungkol sa sarili, pamilya, pamayanan, at iba pa. Ang 120-word list na nabuo ay nabibilang sa *high-frequency words* sa pagtuturo ng pangngalan.

**Implementasyon**

Nahahati sa apat na hakbang ang implementasyon ng pag-aaral: una, panimulang pagtatasa; ikalawa, implementasyon ng pictionary drills; ikatlo, panapos na pagtatasa, at ikaapat, pagkakaroon ng FGD. Sasagutan ng mga mag-aaral ang Panimulang pagtatasa sa unang tagpo sa ikalawang term. Pagkatapos, sa buong durasyon ng pagtuturo ng pangngalan, ipamumudmod sila sa *pictionary drills* na hindi bababa sa 10 tagpo. Habang ginagawa ang interbensyon, isusulat ng guro bilang anecdotal report ang kanyang mga obserbasyon at iba pang detalye hinggil sa kalakasan at kahinaan ng implementasyon nito.

**Mga Yugto ng Pictionary Drills**

**Yugto 1: Pagguhit**

Magbibigay ang guro ng salita mula sa binuong Academic Word List at iguguhit ito ng mga mag-aaral batay sa kanyang nauunawan hinggil dito (i.e. bahay-kubo). Ito ay maaaring lakipan ng *context clues* ng guro.

**Yugto 2: Pagsubok sa Retensyon**

Muling ibigay ng guro ang mga salita sa bawat kategorya kung saan ang una at huling titik lamang ng salita ang makikita at kailangan itong kumpletuhin ng mag-aaral na katumbas ng *spelling drills*. Pagkatapos, guguhit siya ng sariling konsepto ng salitang itinampok (tingnan ang Apendiks C).

**Yugto 3: Pagsulat ng Pangungusap**

Susulat ng payak na pangungusap ang mga mag-aaral gamit ang mga salitang itinampok. Wawastuhan ang pangungusap batay sa nilalaman, hindi sa balarila.

Pagkatapos ng implementasyon, muling tatasahin ang mga mag-aaral gamit ang parehong instrumento sa panimulang pagtatasa, at sasailalim sila sa Focus Group Discussion gamit ang mga gabay na tanong tungkol sa kalakasan at kahinaan ng pictionary drill.

**Pagkatapos ng Implementasyon**

Aanalisahin ang kwantitabibo at kwalitatibong mga datos upang malaman ang kabisaan ng pictionary drills sa paglinang ng bokabularyo, at matukoy ang mga hamon sa pagpapapatupad nito. Pagkatapos, bubuo ng isang modelong banghay-aralin sa pagtuturo ng paglinang ng bokabularyo sa pangngalan gamit ang pictionary drills.

**Statistical treatment**

Ang kwantitabibong mga datos mula sa pretest at posttest ay aanalisahin sa pamamagitan ng *graph at tabulation*. Upang ilarawan ang antas ng performans ng *sample population*, tutukuyin ang *transmuted grade* ng dalawang *mean* mula sa dalawang pagtatasa. Upang masuri kabisaan ng *pictionary drills* sa paglinang ng bokabularyo sa pangngalan, aanalisahin ang *mean gain* at *p-value* gamit ang *paired t-test* upang ihambing ang resulta ng pretest at posttest. Upang malaman ang mga hamon sa implementasyon ng interbensyon, gagamitin ang FGD at *coding* upang makalikom ng kwalitatibong mga tugon.

**Etikal na Konsiderasyon**


Ang buong ng pag-aaral ay sinisigurong sumunod sa tamang proseso nang may patnugot sa opisina ng punongguro, Institutional Research Council o IRC, mga magulang ng mga partisipant sa pamamagitan ng Informed Consent Form, at sa mga mag-aaral mismo. Inilalahad sa kanila ang rasyonal, pamamaraan at buong hakbangin ng pag-aaral at nililina na ang paglahok ay boluntaryo at maaari silang tumigil o tumanggi sa paglahok anumang oras. Sinisiguro rin nito ang tamang pagkolekta, paggamit, pagtago, at pagsira ng nakalap na mga datos alinsunod sa Data Privacy Act of 2012. Dagdag pa, ang magiging resulta ng pananaliksik na ito ay gagamitin para sa pagpapaunlad lamang ng gawaing pampagkatuto at mga interbensyong nararapat sa ikabubuti ng mga mag-aaral ng Filipino bilang pangalawang wika sa SHS-Ateneo de Cebu.

**Resulta at Pagtatalakay**

**Ang mga Partisipant**

Mula sa tatlungupung mga partisipant (n=30), 73% ng

kabuuang bilang ay may dugong banyaga na binubuo ng 12 Koreano, 4 na Tsino, 4 Hapon, at 2 Amerikano. Samantala, 27% naman ng kabuuang bilang ay may dugong Pilipino na binubuo ng 6 na purong Pinoy, 1 Filipino-Japanese, at 1 Filipino-American.



Ang tatlungupung mga mag-aaral na ito ay sumailalim sa group screening at natuklasang walang sapat na batayang kaalaman at kasanayan sa wikang Filipino dahil karamihan sa kanila ay mga banyaga at ang kanilang unang wika ay wikang banyaga. Sa kaso naman ng mga may dugong Pilipino, sila ay lumaki sa ibang bayan at ang unang wika nila ay banyaga rin.

**Antas ng Performans Bago at Pagkatapos ng Pictionary Drills**

Makikita sa Talahanayan 1 ang descriptive statistics ng antas ng performans ng mga mag-aaral bago at pagkatapos maipamumudmod sa pictionary drills.

**Talahanayan 3:** Descriptive Statistics ng Antas ng Performans ng mga Mag-aaral, n= 30

Pupils exposed to Pictionary Drills	Mean (SD)	Transmuted Grade	Description
Before the exposure	32.77(9.70)	73	Did Not Meet Expectation
After the exposure	47.17(7.75)	86	Very Satisfactory

Based on DO no. 8, s 2015

Grade	Description
90 – 100	Outstanding
85 – 89	Very Satisfactor
80 – 84	Satisfactory
75 – 79	Fairly Satisfactory
Below 75	Did Not Meet Expectations

Batay sa resulta, lubhang mababa ang kabuuang mean score na nakuha ng mga mag-aaral sa panimulang pagtatasa kung saan ay pumalo lamang sa 32.77 at may katumbas na transmuted grade na 73 batay sa 60% passing score. Sang-ayon sa DO no. 8, s 2015, ito ay napabilang sa antas na *Did Not Meet Expectations*, ibig sabihin na hindi pumasa sa minimum na pamantayan ang kanilang performans bago sila naipamudmod sa pictionary drills.

Samantala, ang kabuuang mean score na nakuha ng mga mag-aaral matapos silang maipamudmod sa pictionary drills ay umabot sa 47.17 at may katumbas na transmuted grade na 86 batay sa 60% passing score. Sang-ayon sa DO no. 8, s 2015, ito ay napabilang sa antas na *Very Satisfactory*, ibig



sabihin na lubhang mataas ang kanilang performans matapos silang maipamudmod sa pictionary drills.

Makikita sa talahanayan 2 ang resulta ng paired pretest at posttest scores ng mga mag-aaral na naipamudmod sa pictionary drills.

**Talahanayan 2:** Comparative Analysis ng Antas ng Performans ng mga Mag-aaral Bago at Pagkatapos ng Interbensyon, n=30

Group	Statistics		Paired Difference	T-Value	P-Value
	Pretest	Posttest			
Pupils exposed to Pictionary Drills	32.77(9.70)	47.17(7.75)	14.4(8.31)	9.494**	<0.001

**Note:** Values presented in Mean (Standard Deviation); \* Significant at 0.05 and \*\* Highly Significant at 0.05

Batay sa resulta, tumaas ng 14.4 (paired difference) ang kanilang mean score mula 32.77 sa panimulang pagtatasa sa 47.17 sa panapos na pagtatasa. Ang t-value ay nasa 9.494, na nangangahulugang ang paired difference ng dalawang mean score ay *statistically significant*. Ang p-value naman ay mas mababa sa 0.001, na nangangahulugang ang itinaas ng mean score ng mga mag-aaral ay hindi lamang batay sa tsansa. Ang pagtaas ng mean score nila mula sa *Did Not Meet Expectation* patungo sa *Very Satisfactory* ay dahil sa positibong epekto ng pictionary drills sa paglinang ng kanilang bokabularyo sa Filipino.

### Mga Kalakasan at Kahinaan ng Pictionary Drills

Batay sa ginawang FGD ng 30 mga partisipant at anecdotal records ng mga guro, lumitaw ang mga nangungunang kalakasan at kahinaan sa pagpapatupad ng pictionary drills. Ang mga ito ay pawang nagsasaad ng hamon para sa mga guro at mag-aaral at kailangang bigyang-pansin sa pagpapatupad ng nasabing pagsasanay. Kabilang sa mga kalakasan ng pictionary drills ay 1) nagpapalawak ito ng bokabularyo, 2) nagpapalago ito ng pagkamalikhain, at 3) nagpapabuti ito ng kasanayan sa komunikasyon. Samantala, ang mga kahinaan nito ay ang 1) kakulangan sa oras, 2) saya vs. pokus, at 3) kompetisyon sa klase na nagbubunga ng peer pressure.

*Ang pictionary drills ay nagpapalawak ng bokabularyo.* Sa proseso, ang mga kalahok ay kinakailangang gumuhit o maglarawan ng mga salita o konsepto, kung saan ay napipilitan silang mag-isip ng mga biswal na representasyon ng mga ito. Ang pag-uugnay ng mga salita sa mga biswal na representasyon nito ay nakatutulong sa pagbuo ng mga malalakas ng neural connections sa utak, na nagpapabuti sa pag-alala at pag-access sa mga salita sa hinaharap. Dagdag pa, nagkakaroon din ng pagkakataong maituro ng guro ang kultural na konteksto ng mga salita sa mga dayuhang mag-aaral, halimbawa, sa mga salitang bahay-kubo, salakot, kalabaw, at iba pa. Bunga nito, ang pictionary drills ay nagbibigay ng kasiyahan at nakagpapalawas ng kumpiyansa sa mga kalahok, na nagpapalawak ng kanilang kahandaan na subukan at gamitin ang mga bagong salita sa iba't ibang konteksto.

*Ang pictionary drills ay nagpapalago ng pagkamalikhain.* Sa pamamagitan ng pagguhit o paglalarawan ng mga salita o konsepto, nagkakaroon sila ng pagkakataong ipamalas ang kahusayan sa paglikha at pag-iisip sa mga non-verbal na paraan. Nagagamit nila ang mga simbolong biswal upang maipahayag ang personal na interpretasyon sa mga salita at konsepto kung saan ay nangangailangan ng mataas na antas

ng imahinasyon at pagkamalikhain.

*Ang pictionary drills ay nagpapabuti ng kasanayang pangkomunikatibo.* Dahil nadadagdagan ang kanilang bokabularyo, nakabubuo sila ng mas malinaw at angkop na pagpapahayag sa paraang pasalita at pasulat. Ayon nga sa isang kalahok (S 18), "*pictionary drills help me in developing my speaking skills and writing skills. It helps me how to say the words!*"

*Ang pictionary drills ay nangangailangan ng mas mahabang oras.* Upang maging produktibo at makabuluhan ang isang pictionary drill, nangangailangang maglaan ng mahabang oras para sa pag-iisip, pagguhit, at pagproseso ng mga sagot. Ito ang pinakamalaking hamon sa pagpapatupad nito dahil nahahati ang prayoridad ng guro sa kabuuang gawaing pampagkatuto kung kaya't kailangan niyang limitahan ang oras na ibibigay sa pagsasanay na ito. Bunga nito, nagkakaroon ang mga mag-aaral sa pag-abot sa inaasahang resulta ng gawain at dahil na rin sa mga salitang unang beses pa lamang nilang naririnig.

*Ang pictionary drills ay maaaring lumikha ng masaya sa halip na pokus na klase.* Bagaman maaaring ang klase ay parehong nag-eejoy habang natututo, nananatili itong hamon dahil hindi magiging madali ang pagbalanse nito sa loob ng klase. Kinakailangang parehong malinaw sa guro at mga mag-aaral ang layunin ng gawain at dapat hindi ito mawawala sa prioridad.

*Ang pictionary drills ay lumilikha ng kompetisyon na nagbubunga ng peer pressure.* Ang kompetisyon sa klase ay isang magandang bagay kung nagagamit ito bilang motibasyon ng mga mag-aaral. Ngunit kung nagiging negatibo ang epekto nito sa kanila, maaaring magiging dahilan ito ng underperformance, kawalan ng motibasyon, kakulangan sa interes, at iba pa. Kung kaya, ito ay patuloy na hamon sa mga guro upang maisaalang-alang ang tamang pagproseso ng mga mag-aaral nang sa gayun ay hindi ito magbubunga ng peer pressure.

### Konklusyon

Ang pictionary drills ay isang epektibong estratehiya sa paglinang ng bokabularyo sa Filipino bilang pangalawang wika ng mga mag-aaral.

### Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan at konklusyong nabanggit, iminumungkahi ng mga mananaliksik ang mga sumusunod: gamiting estratehiya ang pictionary drills sa paglinang ng bokabularyo sa Filipino hindi lamang sa mga dayuhang mag-aaral, kundi pati na rin sa mga regular na klase sa elementarya at sekundarya; pagtibayin ang resulta ng pag-aaral na ito sa pamamagitan ng mga komparatibong pagsusuri at parallel na pag-aaral; palawakin ang talakayan kaugnay sa mga hamon ng pagpapatupad ng pictionary drills sa pamamagitan ng hiwalay na kwalitatibong mga pag-aaral; at bumuo ng komprehensibong pictionary booklet na naglalaman ng mga angkop na target na salita ayon sa tiyak na aralin at tiyak na antas.

### Mga Sanggunian

1. Alavi SM, Akbarian IH. The role of vocabulary size in predicting performance on TOEFL reading item types. *System*. 2012; 40(3):376-385.
2. Campbell DT, Stanley JC. *Experimental and Quasi-experimental Designs for Research*. Handbook of Research on Teaching. Houghton Mifflin Company,

- Boston, USA, 1963. ISBN: 0-395-30787-2
3. Culligan B. A Comparison of Three Test Formats to Assess Word Difficulty. ERIC Language Testing. 2015; 32(4):503-520. Retrieved from: <https://eric.ed.gov/default.aspx?q=descriptor%3a%22Test+Items%22&ff1=subTest+Items&ff2=souLanguage+Testing&ff3=subComparative+Analysis&ff4=subCollege+Students&id=EJ1081136>
  4. He C. A Review on Diagnostic Vocabulary Tests. International Journal for Higher Education. 2019; 8(3). Doi: <https://doi.org/10.5430/ijhe.v8n3p126>
  5. Kamimoto T. Item Dependence on the Vocabulary Levels Test Revisited. Vocabulary Learning and Instruction. 2014; 3(2). Doi: <http://dx.doi.org/10.7820/vli.v03.2.kamimoto>
  6. Kremmel B. Word Families and Frequency Bands in Vocabulary Tests: Challenging Conventions. Teachers of English to Speakers of other Languages, Inc. (TESOL). 2016; 50(4). <https://www.jstor.org/stable/44984729>
  7. Liu J. Role of Vocabulary Levels Test (VLT) in Chinese Undergraduate Students' Comprehension of Textbooks. Journal of Language Teaching and Research. 2016; 7(2):364-369.
  8. McLean S, Kramer B. The Creation of a New Vocabulary Levels Test. Kansai University Graduate School, 2015. Retrieved from: <https://www.lex tutor.ca/tests/levels/recognition/nvlt/paper.pdf>
  9. Michel JF, Plumb EG. Comparing Receptive Vocabulary Knowledge and Vocabulary Production. Second language Studies. 2019; 37(2):75-102.
  10. Nation ISP. BNC/ COCA Lists. EAP Foundation, 2017. Retrieved from: <https://www.eapfoundation.com/vocab/general/bnccoca/>
  11. Nation ISP, Beglar D. A vocabulary size test. The Language Teacher. 2007; 31(7):9-13.
  12. Neuman SB, Dwyer J. Missing in Action: Vocabulary Instruction in Pre-k. The Reading Teacher. 2009; 62:384-392.
  13. Nyumba TO, *et al.* The use of focus group discussion methodology: Insights from two decades of application in conversation. British Ecological Society. 2018; 9(1). Doi: <https://doi.org/10.1111/2041-210X.12860>
  14. Read J. Second Language Vocabulary Assessment: Current Practices and New Directions. Servicio de Publicaciones. University de Murcia. IJES. 2007; 7(2). <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1072194.pdf>
  15. Schmitt N. Size and Depth of Vocabulary Knowledge: What Research Shows. Language Learning. 2014; 64(4). Doi: 10.1111/lang.12077
  16. Tanabe M. Measuring second language vocabulary knowledge using a temporal method. Reading in a Foreign Language. 2016; 28(1):118-142. ISSN 1539-0578. <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1098666.pdf>
  17. Webb S, *et al.* The Updated Vocabulary Levels Test Developing and Validating to New Forms of the VLT. ITL - International Journal of Applied Linguistics. 2017; 168(1):33-69. Doi: 10.1075/itl.168.1.02web issn 0019-0829 / e-issn 1783-1490 © John Benjamins Publishing Company